REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 122-89

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PASASALAMAT SA MUNTINLUPA DEVELOPMENT FOUNDATION, INC. (MDF) SA PAGKAKALOOB NG ISANG BOXING RING SA PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T LIMANG LIBONG PISO (₱45,000.00).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pamahalaang pambayan ay naglunsad ng malawakang programa para sa kalusugan ng pangangatawan at pagpapaunlad ng palakasan (sports) at ang lahat ng ahensiya ng pamahalaan at pribadong samahan ay inaasahang makilahok at magtulungan sa ikatatagumpay ng programang ito;

SAPAGKAT, ang madla lalong higit ang mga taga-pribadong sektor ay dapat maging kabalikat ng pamahalaang bayan sa mga proyektong pambayan upang ito'y maging mabisa at kapakipakinabang;

SAPAGKAT, ang MDF sa maraming pagkakataon ay ang laging nakakatulong ng pamahalaang bayan sa pagkakaloob at pagpapatupad ng mga proyektong pangkabuhayan upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng maraming kapos-palad at maralitang mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagkakaloob ng kagamitan sa palakasan ay makapagdudulot ng mapaglilibangan o mapagkakaabalahan ang mga kabataan upang maiwas ang mga ito sa masasamang bisyo tulad ng pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot at maging kaakibat at mabuting bahagi ng lipunan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mungkahi ni Kgg. Carlo G. Tensuan na pinangalawahan ni Kgg. Roman E. Niefes ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magpasalamat ng lubos sa Muntinlupa Development Foundation, Inc. sa pagkakaloob ng boxing ring sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na nagkakahalaga ng Apatnapu't Limang Libong Piso (₱45,000.00).

PINAGTIBAY ng nakararaming kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-pitumpu't walong (78th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Oktubre, 1989.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Oktubre 16, 1989